

OCTOBER 2024 ISSUE



IMUS, MAHAL KONG BAYAN


BANAAAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS

CONGRATULATIONS! CITY OF IMUS



IMUS LGU TOP 1 SA ARTA REPORT CARD SURVEY 2.0



Ginawaran ang Pamahalaang Lungsod ng Imus ng Silver Award ng Anti-Red Tape Authority (ARTA) noong Oktubre 30, 2024, matapos makakuha ng 94.05% score na may katumbas na Very Satisfactory Rating sa Report Card Survey (RCS) 2.0 ng nasabing ahensya.

Nanguna rin ang Pamahalaang Lungsod mula sa walong local government units (LGUs) na nakatanggap ng Very Satisfactory Rating at sa 200 LGUs sa buong bansa.

Sinusukat ng RCS ang epektibong pagsunod at bilis ng pagproseso ng mga transaksyon at serbisyong ibinibigay ng mga ahensya ng gobyerno, alinsunod sa kani-kanilang ipinasang Citizen's Charter.

Bukod sa maayos na pamumuno nina Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, bahagi rin ng tagumpay na ito ang City Administrator's Office, Business Permits and Licensing Office, Office of the Building Official, City Treasurer's Office, City Planning and Development Office, Office of the City Assessor, City Information Technology and Records Management Unit, at Imus Bureau of Fire Protection.

Patunay ito sa maayos at mahusay na pagsunod ng lokal na pamahalaan ng Imus sa Batas Republika Blg. 11032, o "Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018."



CITY GOVERNMENT OF IMUS
facebook.com/CityOfImus

MGA OPISYAL NG IMUS LGU NAGBIGAY-SUPORTA SA MGA BHW

Personal na binati at kinumusta nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula at Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 444 Barangay Health Workers (BHW) sa ginanap na Community Health Worker Lecture Series on Health noong Oktubre 11, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Tinalakay rito kung paano maitataas ang kamalayan ng publiko sa pangangalaga ng kanilang kalusugan, kahalagahan ng pagkakaroon ng kumpletong bakuna, tamang pangangalaga at pagpapasuso sa mga sanggol, karaniwang sakit ng mga bata at matatanda, wastong pagbibigay ng paunang lunas, mga binabantayang sakit, at paggamot sa mga taong umaabuso sa mga ipinagbabawal na gamot.

Kabilang din ang pagpapatupad ng National Tuberculosis Program, Family Planning Program, at Animal Bite Treatment Program.

Pinangunahan ang naturang oryentasyon ni Imus City Health Officer Dr. Ferdinand Mina at ng mga doktor ng Imus City Health Office.

Bahagi rin dito sina Board Member Shernan Jaro, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Sherwin Comia, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Darwin Remulla, at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr.



LIBRENG SERBISYO PARA SA MGA ASO AT PUSA NGAYONG WORLD RABIES DAY

Kasabay ng pagdiriwang ng World Rabies Day 2024, idinaos ng Imus City Veterinary Services Office ang isang Veterinary Medical Mission, kung saan libre ang bakuna kontra rabies, deworming, microchipping, at pagbabasbas sa mga alagang aso at pusa, noong Oktubre 4, 2024, sa Brgy. Buhay na Tubig.

Bumisita rin dito si Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula at kinumusta ang mga alagang hayop.

Sa tala, 519 na aso at pusa ang nabigyan ng libreng bakuna kontra rabies, deworming, at microchipping. Pinangunahan naman ni Fr. Tony Laureta ang pagbabasbas sa mga naturang alagang hayop.

Taunang ginugunita ang World Rabies Day na layuning maitaas pa ang kamalayan ng mga nag-aalaga ng mga hayop sa kahalagahan ng bakuna kontra rabies bilang mga responsableng tagapag-alaga. Ang tema nito ngayong taon ay "Breaking Rabies Boundaries."

Ipinagdiwang din sa parehong araw ang World Animal Day.





IMUS COOPERATIVE WEEK 2024: MAS MATIBAY NA KOOPERATIBA PARA SA MAGANDANG BUKAS

Matagumpay ang pagdiriwang ng Imus Cooperative Week 2024 at ng National Cooperative Month nitong Oktubre 28, 2024, sa New Imus City Government Center, na pinangunahan ng City of Imus Cooperative, Livelihood & Entrepreneurial and Enterprise Development Office (CICLED0).

Nag-umpisa ang selebrasyon sa 2024 Coop Unity Walk, kung saan nakasama ang humigit-kumulang 140 miyembro ng mga kooperatiba.

Sinundan ito ng Imus Koop-Mustahan, kung saan nakasama ng mga miyembro si Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula na kinumusta rin ang kalagayan at samahan ng mga kooperatiba sa lungsod.

Nagsagawa rin ang CICLED0 ng iba't ibang aktibidad gaya ng Micro, Small and Medium-sized Enterprises Seminar para sa mga inmate ng Imus City Jail noong Oktubre 22.

Sa tulong ni Alicia Banas, natutunan ng 40 inmate kung paano sila wais na makapamimili at wastong makapagtuturing ng presyo ng mga paninda at serbisyo kung sakaling magsimula sila ng negosyo paglabas sa piitan.

Hinikayat naman ng tanggapan na maging kaakibat ang mga kooperatiba sa pagprotekta sa mga kababaihan sa idinaos nitong Gender and Development Seminar: Laws on the Protection of Women noong Oktubre 14.

Pinangunahan nina Prosecutor II Atty. Rex Sustento at Prosecutor I Atty. Rhina May Sayarot – Elicano ng City of Imus – Office of the Prosecutor ang mga nilalaman ng iba't ibang batas para sa proteksyon ng mga kababaihan.

Samantala, inilapit sa mga residente ng Treelane II-A, Brgy. Bayan Luma III ang kaalaman sa paggawa ng mahalimuyak na kandila noong Oktubre 11 sa pangunguna ni Rachel Roxas.

Nakatakdang idaos ang taunang Imus Galing Koop Awards and Recognition Day sa Nobyembre 4, 2024, upang parangalan ang mga kooperatibang nagpakita ng kanilang kagalingan sa pagtatapos ng Coop Month.

Ginugunita ang Pambansang Buwan ng Kooperatiba tuwing Oktubre, batay sa Batas Republika Blg. 11502. Tema ng pagdiriwang ngayong taon ay ang "Cooperatives: Stronger Together Today for a Brighter Tomorrow."



2024 ELDERLY FILIPINO WEEK: PAGKILALA SA MALIKHAING TALENTO NINA LOLO AT LOLA

Nagpasiklaban ng talento sa pagsasayaw at pagsuot ng makukulay na kasuotan ang 400 lolo at lola sa pagdiriwang ng 2024 Elderly Filipino Week mula Oktubre 1–7, 2024, sa pangunguna ng City of Imus – Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA).

Kinilala rin ang cluster coordinators at Senior Citizens Associations presidents na nagpamalas ng kahusayan sa paglilingkod.

Personal ding nakisaya sina Imus City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Igi Revilla Ocampo, at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr. Samantala, naghandog naman ang tanggapan, katuwang ang Gender and Development Unit, ng essential kits para sa mga senior citizen na edad 74 hanggang 99 na taon at naghatid ng libreng gupit at mga palaro noong Setyembre 30 – Oktubre 3, 2024, sa iba’t ibang barangay sa Imus.

Tinatayang nasa 2,025 lolo at lola ang nakatanggap ng essential kits na naglalaman ng alcohol, paper towel, wipes, gatas, chocolate mix, at biskwit.

Ginugunita ang Elderly Filipino Week o ang Linggo ng Katandaang Filipino tuwing Oktubre 1–7, alinsunod sa Proklamasyon Blg. 470, taong 1994.

Pinangunahan ni Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang pagbubukas ng Ikalawang Imus City Franchise Expo nitong Oktubre 26, 2024, sa The District Imus.

Sa pakikipagtulungan ng Imus Local Economic Development and Investment Promotions Office (LEDIPO) sa Association of Filipino Franchisers, Inc., nakasama ang 21 negosyong maaaring i-franchise ng mga Imuseñong nais maging negosyante.

Itinampok dito ang mga kwentong tagumpay ni Ate Rica ng Ate Rica's Bacsilog, ni Jay Gobson ng Dingara's Empanada, ni Dr. Edwin Bernabe ng Siomai House, at ni Jennifer Nuque na may-ari ng Egg Station at Shawarma King.

Dinaluhan din ito nina Regional Director Marissa Argente ng Department of Trade and Industry (DTI) – CALABARZON, Provincial Director Lilibeth Chavez ng DTI –Cavite, President Jaime Tesora ng Philippine Chamber of Commerce and Industry – Cavite, President Annie Jarin ng Imus City Chamber of Commerce and Industry, Inc., City Administrator Larry Monzon, at LEDIPO Officer-in-Charge Jhett Vilbar-Lungcay.



21 FRANCHISERS, TAMPOK SA 2ND IMUS CITY FRANCHISE EXPO 2024



KAUNA-UNAHANG FREE-STANDING GOVERNMENT-OWNED TERTIARY LABORATORY SA CALABARZON, PINASINAYAAN



Opisyal nang binuksan sa publiko noong Oktubre 7, 2024, ang City of Imus Diagnostic Laboratory (CIDL) na kinikilala bilang kauna-unahang free-standing government-owned tertiary laboratory sa CALABARZON dahil sa microbiology section nito.

Ayon kay Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, ang pagbubukas ng naturang laboratoryo ay hudyat din ng pagbubukas ng libre at abot-kayang halaga ng laboratory tests.

Maaaring mapakinabangan ng mga Imuseñong rehistrado sa PhilHealth Konsulta Package ang hematology, clinical chemistry, clinical microscopy, immunology at serology, molecular pathology, at drug screening.

Para sa pagpaparehistro at konsultasyon, bisitahin ang alinman sa mga accredited City Health Office (CHO): CHO-I (Velarde), CHO-II (Plaridel), CHO-III (Greengate), at CHO-IV (Maharlika).

Pagdating sa pagsasagawa ng laboratory test, kinakailangang maipakita ang valid government ID, PhilHealth ID, Laboratory Request Form na ibibigay ng Konsulta provider, at Electronic Konsulta Availment Slip (eKAS).

Kukumpirmahin ang mga ito ng medical technician bago kuhanan ng sample specimen ang pasyente.

Ang mga resulta ay direktang ipapasa sa health center kung saan unang nagpatingin ang pasyente. Kukuhaan ito ng pasyente at ibibigay sa doktor para masuri ang mga susunod na hakbang sa gamutan.

Kasabay nito, limang bagong motorsiklo rin ang binasbasan upang magamit sa transportasyon ng mga specimen na manggagaling sa iba't ibang city health center patungong CIDL.

Ang CIDL, dating Imus Molecular Laboratory, ay itinatag noong kasagsagan ng pandemyang dulot ng COVID-19.

Matatagpuan ito sa Ospital ng Imus Compound, Pedro Reyes St., Brgy. Malagasang I-G. Bukas ito tuwing Lunes hanggang Biyernes mula ala-7 ng umaga hanggang ala-5 ng hapon. Bukas din ito tuwing Sabado mula ala-7 ng umaga hanggang ala-1 ng hapon.

6 YEARS IN UNITY KASAMA ANG ONI

Matagumpay na ipinagdiwang ng Ospital ng Imus (ONI) ang ikaanim na anibersaryo mula nang ito ay itinatag mula Oktubre 1–31, 2024.

Personal na binati nina Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula, Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula, at mga konsehal ang mga health worker ng Ospital ng Imus sa pagdiriwang nito ng ikaanim na anibersaryo noong Oktubre 11, 2024.

Sa parehong araw, ginawaran ang 54 na kawani ng ONI dahil sa kanilang hindi matatawarang paglilingkod sa mga Imuseño. Nagkaroon din ng isang fun run na layong mahikayat ang mga kawani na pangalagaan ang kanilang kalusugan.

Handog din ng ONI ang hanggang 70 porsyentong diskwento sa kanilang laboratory packages sa buong buwan ng Oktubre.

Bukod pa rito ay iba’t ibang aktibidad ang kanilang idinaos. Ilan sa mga ito ay ang usapin patungkol sa wastong pangangalaga ng mga mata kasabay sa paggunita ng World Sight Day, Breast Cancer Awareness Lay Forum, paggawa ng Imus longganisa, at ang pagtampok sa siyam na food bazaars.


Ganap na binuksan ang ONI noong Oktubre 12, 2018, kasabay ng pagdiriwang ng Kapistahan ni Nuestra Señora del Pilar – ang patrona ng Diyosesis ng Imus.



COVERED COURT AT MULTIPURPOSE HALL PINASINAYAAN NG IMUS LGU

Pinangunahan nina Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula at Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang pormal na pagbubukas ng Multipurpose Hall sa Brgy. Bucandala II at covered courts ng Grand Parkplace sa Brgy. Anabu I-B, ng Jade Residences sa Brgy. Malagasang I-C, at ng Green Park Villas I sa Brgy. Malagasang II-D noong Oktubre 4, 2024.

Sinamahan sila nina Board Member Shernan Jaro, City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr.





1,000 SENIOR HIGH SCHOOL STUDENTS NAKATANGGAP NG TULONG PINANSYAL MULA SA IMUS LGU

Sa pangunguna ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula at ng Tulong-Eskwela Program ng Department of Social Welfare and Development, nabigyan ng tig-P3,000 tulong pinansyal ang humigit-kumulang 1,000 estudyante ng senior high school nitong Oktubre 31, 2024, na idinaos sa City of Imus Sports Complex.

Layunin ng programang Tulong Eskwela ang matulungan ang mga mag-aaral na kapos sa pera.

Bahagi rin ng programa sina Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Vice Governor Shernan Jaro, Konsehal Larry Nato, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Wency Lara, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Sherwin Lares Comia, Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Enzo Asistio, dating konsehal Tito Monzon, at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr.



8,100 IMUSEÑO INILIKAS NG IMUS LGU DAHIL SA HAGUPIT NG BAGYONG KRISTINE

Inaksyunan agad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang panawagang pagsaklolo ng humigit-kumulang 8,100 Imuseñong labis na naapektuhan bunsod ng pananalasa ng Bagyong Kristine noong Oktubre 24, 2024.

Hinatiran din ang mga evacuee na pansamantalang nanunuluyan sa Barcelona 1 Covered Court, Cayetano Topacio Elementary School, Tinabunan Elementary School, Toclong I-A Covered Court, at Toclong I-C Covered Court ng relief goods at gamot para sa mga lumusong sa baha.

Agaran ding nilinis ng Engineering Action Team at ng Bantay Kalikasan ang mga kalsadang nabalot ng putik, at hinukay ang mga daanan ng tubig.

Bago pa man ang pananalasa ng naturang bagyo, puspusan na rin ang naging mga paghahanda ng Pamahalaang Lungsod mula sa mga pagpupulong hanggang sa pagsasagawa ng mga clearing at dredging operation sa iba't ibang barangay sa Imus.

City Information Office



CONGRATULATIONS!
City Government of Imus



Outstanding Performing Agency with the Highest Percentage Reduction on Unpaid Premium Receivables

Exemplary dedication, commitment, and continued efforts to protect its assets and to build resilience toward a positively safe city

Government Service Insurance System (GSIS) Stakeholders' Dialogue
October 2, 2024

PRIDE OF IMUS



MAYOR

ALEX "AA" L. ADVINCULA

AANGAT
ANG IMUS

IMUS LGU KINILALA BILANG OUTSTANDING PERFORMING AGENCY NG GSIS

Nakatanggap ng mga pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa ginanap na Government Service Insurance System (GSIS) Stakeholders' Dialogue sa City of General Trias, Cavite noong Oktubre 2, 2024.

Iginawad sa lokal na pamahalaan ang Outstanding Performing Agency with the Highest Percentage Reduction on Unpaid Premium Receivables, at kinilala sa dedikasyon at patuloy na pagsusumikap upang maprotektahan ang mga pagmamay-ari ng lungsod para sa katatagan tungo sa isang ligtas na siyudad.

Ang mga natanggap na parangal ng Imus ay naging possible sa tulong ng Human Resource and Management Office at ng City General Services Office.



TANGHALAN NG KAMPEON SA PAGDIRIWANG NG FIESTA NG IMUS 2024

Dumagundong ang Imus City Plaza sa naggagandahang tinig ng mga Imuseñong mang-aawit sa "Tanghalan ng Kampeon: Ating Awit, Angat sa Tinig" nitong Oktubre 11, 2024, kasabay ng bisperas ng Kapistahan ni Nana Pilar.

Mula sa siyam na mang-aawit, pinatunayan ni John Carlo Sunga ang husay sa pag-awit ng mga residente ng Cluster 9 nang makamit ang kampeonato at ang P12,000 papremyo.

Wagi rin si Krezia Toñaco ng Cluster 7 na mapanalunan ang ikalawang puwesto at ang P10,000, habang tagumpay naman si Jericho Dela Cruz na makuha ang ikatlong puwesto at ang P7,000.

Samantala, muling namanata sina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula at Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa ika-44 na Karakol ng Bayan sa kanilang pagbubuhat ng andas ni Nana Pilar.

Dumalo rin sila sa banal na misa sa mismong araw ng kapistahan kasama ang kanilang pamilya.

Muli ring nagbukas ang ImuSarap at Saya Food Bazaar noong Oktubre 9-10, 2024, kung saan itinampok ang mga malinamnam na pagkaing hatid ng mga Imuseño sa kanilang mga kapwa Imuseño.

Ang Kapistahan ni Nuestra Señora del Pilar ang isa sa mga pinakaaabangang mahalagang pagdiriwang ng mga debotong Imuseño dahil si Nana Pilar ang patrona ng Diyosesis ng Imus.

Bilang bahagi ng kanilang pananampalataya at pasasalamat, taunang lumalahok ang mga Imuseño sa karakol, banal na misa, prusisyon, luwa at salve, at sa pahalik sa imahe ng Birheng del Pilar.

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief:	Ervin Ace H. Navarette
Managing Editor:	Nikki Elline C. Barco
Head Writer:	Francesca Mandac
Art Director:	Christian Yunson
Photo Credits:	City Information Office City Tourism and Heritage Office Office of the Congressman

500 BATANG IMUSEÑO NAKIPAGTAKYUTAN SA HALLOWEEN PARTY NG IMUS LGU

Matagumpay na idinaos ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang pinakamalaking BOO-tiful HalloWIN Party nito noong Oktubre 30, 2024, sa New Imus City Government Center.

Mahigit 500 batang Imuseño ang nagsuot ng kanilang pinakanakakata-cute na costume at nakatanggap ng mga kendi at tsokolate sa kanilang pagbisita sa iba't ibang tanggapan.

Umani rin ng milyong-milyong views sa TikTok ang videong tampok ang batang Imuseñong nag-ala Undin, isang karakter sa pelikulang Shake, Rattle & Roll, na hinirang bilang 1st prize winner sa naturang Halloween party.



Inilathala ng:
IMUS CITY INFORMATION OFFICE

2F Imus City Government Center

Email:
imuscityinformationoffice@gmail.com

www.cityofimus.gov.ph